## Pagbubuod...

Ang colorectal cancer ay ang pangalawang cancer sa mga babae at ang pangatlo sa mga lalaki sa Italia (AIOM, 2020). AY mabuting ulitin ang fecal occult blood test nang regular tuwing dalawang taon simula sa edad na 50. Lahat ng ang mga taong inimbitahan ay tinawag muli pagkatapos ng dalawang taon.

Dapat kang makipag-ugnayan sa iyong doktor sa pagkakaroon ng mga sintomas tulad ng patuloy na pagbabago sa kinagawian sa pagdumi, ang pagkakaroon ng dugo sa dumi kung naman makikita sa mata, patuloy na sensasyon ng rectal encumbrance pagkatapos ng pagdumi, patuloy na pagtatae kasama paninigas. Kung hindi ka pa nakatanggap ng imbitasyon mula sa pampublikong sentong pangkalusugan o hindi ka pa nakakasali sa programa, posibleng tumawag sa walang bayad na numero ng lokal na opisyo upang humingi ng apuntamento. Ang mga dayuhan o mamamayang sa Europa na may hawak ng STP o ENI card ay maaari ding kumuha ng apuntamento.

Ang lahat ng personal na data na nakolekta ay napapailalim sa mga patakaran sa pagiging kumpidensyal at proteksyon ng data. Sa araw ng pagsusuri ay ibibigay ang isang sumusuportang sertipiko para sa pagliban sa trabaho kong ikaw ay nangangailangan nito. Para sa iba impormasyon o para magpalit ng apuntamento tumawag sa walang bayad na numero ng iyong lokal na sentro pangkalusugan.

*AIOM 2020

| ASL | Screening | Numero Verde | Orari |
|---|---|---|---|
| **Roma 1** | Mammella<br>Cervice<br>**Colon Retto** | 800 536 693 | da Lun a Ven<br>8:00-17:00 |
| **Roma 2** | Mammella<br>Cervice<br>**Colon Retto** | 800 405 051 | da Lun a Ven<br>8:00-18:00 |
| **Roma 3** | Mammella<br>Cervice<br>**Colon Retto** | 800 634 634 | da Lun a Ven<br>8:30-17:00 |
| **Roma 4** | Mammella<br>Cervice<br>**Colon Retto** | 800 539 762 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00 |
| **Roma 5** | Mammella<br>Cervice<br>**Colon Retto** | 800 894 549 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00<br>e 14:00-17:00 |
| **Roma 6** | Mammella<br>e **Colon Retto** | 800 430 264 | da Lun a Ven<br>15:00-19:00 |
| | Cervice | 800 160 622 | |
| **Viterbo** | Mammella<br>Cervice<br>**Colon Retto** | 800 840 359 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00 |
| **Rieti** | Mammella<br>Cervice<br>**Colon Retto** | 800 646 999 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00 |
| **Latina** | Mammella<br>Cervice<br>**Colon Retto** | 800 065 560 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00<br>da Lun a Gio<br>15:00-17:00 |
| **Frosinone** | Mammella<br>Cervice<br>**Colon Retto** | 800 003 422 | da Lun a Ven<br>9:30-13:30 |

**Per prenotare gli esami di screening scansionare il QR code**
*prenotascreening.regione.lazio.it*

*Traduzione in Tagalog curata da Medici Senza Frontiere nell'ambito del protocollo d'intesa con la Asl Roma 2.*

MEDECINS SANS FRONTIERES
MEDICI SENZA FRONTIERE

**www.salutelazio.it**

# SCREENING COLON RETTO

**LA PREVENZIONE E' TASCABILE**

IL TEST PUOI FARLO A CASA TUA




**PROGRAMA SA ONCOLOGICAL NA PAGSUSURI NG COLORECTAL**

LIBRE PARA SA MGA LALAKI AT BABAE NA MAY EDAD MULA **50 HANGGANG 74 TAONG GULANG**

SALUTE LAZIO
SISTEMA SANITARIO REGIONALE

REGIONE LAZIO

## Bakit ka nakakatanggap ng imbitasyon mula sa iyong lokal na autoridad pangkalusugan?

Para paalalahanan ang mga kalalakihan at kababaihan na may edad mula 50 hanggang 74 taong gulang na posible ang maagang pagsusuri ng Kanser sa labasan ng dumi, sa pamamagitan ng regular na pagpapatingin kada dalawang taon. Ang pagsusuring ito ay para matuklasan ang okultong dugo sa dumi, para maiwasan ang maagang pagkalat ng polip sa katawan na pwedeng maging cancer sa bituka.

Ang layunin ito ay ang posibilidad na maagapang paggamot ng mga polip sa colon, at hindi makadulot ng anumang malalang pinsala. Sa ganitong paraan, ang interbensyon ay hindi gaanong agresibo at ang mga posibilidad para maagapan ang paglaki nito.

Ang programang screening ay inaalok ng walang bayad, mula sa FOBT (Fecal Occult Blood testing) hanggang sa pagpasailalim sa anumang klasing pagsusuri at gamot na kailanganin.

Kung hindi ka pa nakatanggap ng imbitasyon mula sa iyong pampublikong sentrong pangkalusugan o hindi pa nakasali sa programang gabay pangkalusugan, maaari kang tumawag sa kanilang numero sa telepono na walang bayad para humingi ng apuntamento.

## Ano ang test sa pagsusuri fecal occult blood test?

Ito ay naaangkop na pagsusuri sa pamamagitan ng isang sample ng dumi, masusuri nito ang patak ng dugo na hindi nakikita ng mata. Kung ang dugong ito ay nanggaling sa mga polip o adenoma, sumusunod ang colonoscopy ay naangkop gamitin na maalis kaagad ang nasabing polip.

Isang tagapagkaloob ng sentrong pangkalusugan ang mag bibigay ng isang supot na nalalaman ng paglalagyan ng dumi na may mga tagubilin. Alisin ito mula sa supot at kumuha ng maliit na sample ng iyong dumi. Ilagay ito sa sa may lalagyan, isara muli at ibalik ito sa supot. Itabi ito sa loob refrigerator.

Kakailanganin mong ibalik ang specimen sa loob ng 3 araw ng koleksiyon. Ang ang ay maaari ding kolektahin at dadalhin sa kahit saan mang botika sa inyong lugar.

## Pagkatapos ng pagkuha nga test?

Sa kaso ng isang normal na resulta- negatibo (walang

Sa kaso ng isang normal na resulta- negatibo (walang dugo), ipinapadala ng Screening Center ang komunikasyon ng resulta direktang sa bahay ng nag papasuri sa pamamagitan ng sulat. At panibagong imbitasyon ng screening ang matatanggap pagkatapos ng dalawang taon para ulitin ang pagsusuri.

Sa 100 tao na nag pa sa ilalim ng pag susuri, 5 o 6 ang maaaring may positibo o may dugo sa dumi. Iba't ibang batayan o dahilan kong bakit may dugo ang dumi (hal. fissures, diverticula atbp.) ito ay napakahalaga gayunpaman upang suriin kung ang dugo ay nagmumula sa anumang polip.

Kung positibo ang pagsusuring ito, makikipag-ugnayan ang Centro Screening sa tao sa pamamagitan ng telepono para imbitahin sila upang sumailalim sa isang malalim na colonoscopy, sa isang sentro o ospital (maaaring isasagawa sa pamamagitan ng request anestesia). Sa anumang karagdagang impormasyon na dapat isa alang alang ayun sa sumusunod na batayan sa pagpapagamot, ang Centro Screening ay direktang mag papaapuntamento sa lahat ng pangpapagamot at pagpapasuri. Lahat ng ito ay libre.

## Dapat ba akong Magtiwala?

Ang FOBT (Faecal Occult Blood Test) ay isang mabisang paraan ng immunochemical test na gumagamit ng mga antibodies tiyak upang makita ang dugo ng tao (anti-globin antibodies) upang bigyang pansin ang pagdurugo ng bituka. Binibigyang-daan ka ng pagsusulit na ito na mangolekta ng isang sample ng dumi at hindi tatlo gaya ng kinakailangan sa iba pagsusuri. Hindi din kinakailangang sundin ang anumang diyeta.

Ang sentro kung saan binabasa ng mga resulta para sa fecal occult blood test, ay mga ekspertong laboratoryo na sumusuri ng hindi bababa sa 60,000 screening fecal sample bawat taon.

Ang lahat ng mga pamamaraan ay sumusunod sa pambansa at European na mga alituntunin at napapailalim sa mga kontrol sa kalidad ng mga resulta.

